

Discover • Understand • Apply

# BIBLE STUDY

## 1 Samuel 10:17-25; Deuteronomio 17:14-20

### SMALL GROUP SESSIONS

April 02-09, 2022

Kamuning Bible Christian Fellowship


# 1 Samuel 10:17-25; Deuteronomio 17:14-20

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON




# 1 Samuel 10:17-25

New International Version (NIV)

## Si Saul ay Tinanghal Bilang Hari


17 Ang mga Israelita ay tinawag ni
Samuel sa isang banal na pagpupulong
sa Mizpa. 18 Sinabi niya, “Ito ang
ipinapasabi ni Yahweh: ‘Inilabas ko kayo
sa Egipto. Iniligtas ko kayo sa mga
Egipcio at sa mga kahariang
nagpapahirap sa inyo.



# 1 Samuel 10:17-25

New International Version (NIV)

19 Ngunit itinakwil ninyo ako, ang Diyos na humango sa inyo sa kahirapan at nagligtas sa inyo sa maraming kagipitan. Itinakwil ninyo ako nang humingi kayo ng haring mamamahala sa inyo. Kaya nga, lumapit kayo kay Yahweh, sama-sama ang magkakalipi at magkakasambahay.'"




# 1 Samuel 10:17-25

New International Version (NIV)

20 Nang matipon ni Samuel ang buong Israel
sa harap ng altar ni Yahweh, nagpalabunutan
sila at nakuha ang lipi ni Benjamin. 21 Pinalapit
naman niya ang mga angkan sa lipi ni
Benjamin at nabunot ang pamilya ni Matri. Sa
kahuli-hulihan, pinalapit niya ang lahat ng
anak ni Matri at ang nabunot ay si Saul na
anak ni Kish. Ngunit wala roon si Saul. 22 Dahil
dito, itinanong nila kay Yahweh, “Pupunta po
kaya siya rito?”

Sumagot si Yahweh, “Naroon siya sa bunton ng
mga dala-dalahan at nagtatago.”




# 1 Samuel 10:17-25

New International Version (NIV)

23 Siya'y patakbo nilang pinuntahan at dinala
sa mga tao. Nang mapagitna siya sa
karamihan, si Saul ang pinakamatangkad. 24
Sinabi ni Samuel sa mga tao, “Ito ang pinili ni
Yahweh. Wala siyang katulad sa buong
bayan.”


Sabay-sabay silang sumigaw, “Mabuhay ang
hari!”



# 1 Samuel 10:17-25

New International Version (NIV)

25 Inisa-isa ni Samuel sa mga taong-bayan ang mga karapatan at pananagutan ng isang hari. Pagkatapos, isinulat niya ang mga ito at inilagay sa harap ng altar ni Yahweh. Pagkatapos, pinauwi na niya ang mga Israelita.




# Deuteronomy 17:14-20

New International Version (NIV)

## Ang Paglalagay ng Hari


14 “Kapag kayo'y naroon na at naninirahan
nang maayos sa lupaing ibibigay sa inyo ng
Diyos ninyong si Yahweh, makakaisip
kayong magkaroon ng hari, tulad ng mga
bansa sa paligid ninyo. 15 Maaari kayong
maglagay ng hari, ngunit ang ilalagay ninyo
ay iyong pinili ni Yahweh at mula sa inyong
lahi. Huwag ninyong gagawing hari ang
sinumang dayuhan.



# Deuteronomy 17:14-20

New International Version (NIV)


16 Ang gagawin ninyong hari ay hindi dapat
magparami ng kabayo para sa kanyang
sarili; hindi rin niya maaaring iutos sa iba na
magbalik sa Egipto para ikuha siya ng
maraming kabayo, sapagkat ipinag-utos ni
Yahweh, na huwag nang bumalik pa roon.
17 Hindi siya dapat mag-asawa ng marami
at baka siya makalimot kay Yahweh; ni hindi
siya dapat magpayaman sa panahon ng
paghahari.



# Deuteronomy 17:14-20

New International Version (NIV)

18 Kapag siya'y nakaupo na sa trono,
gagawa siya ng isang kopya ng mga
kautusang ito na nasa pag-iingat ng mga
paring Levita. 19 Ito ay para sa kanya at
babasahin niya araw-araw upang
magkaroon siya ng takot kay Yahweh na
kanyang Diyos at upang buong puso
niyang masunod ang mga kautusan at mga
tuntunin ni Yahweh,



# Deuteronomy 17:14-20

New International Version (NIV)

20 upang hindi siya magmalaki sa kanyang mga kababayan, at upang hindi siya lilihis sa mga tuntuning ito. Kung magkagayon, siya at ang kanyang mga anak ay maghahari nang matagal sa Israel.

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Tutuparin ko ang aking tungkulin bilang mamamayan at mananampalataya sa pagpili sa mga mamumuno sa bayan gamit ang mga panuntunang ibinigay ng Diyos.



## QUESTION 1

# Ano ang pakay ni Samuel sa pagtipon ng mga anak ng Diyos sa Mizpah?

1 Samuel 10:17-25; Deuteronomio 17:14-20

## PAGTUKLAS

# QUESTION 2

Paano pinili ang hari ayon sa Samuel 10:20-25 at anu-ano ang mga panuntunan sa pagiging hari ayon sa paliwanag ni Samuel sa Deuteronomio 17:14-20?

1 Samuel 10:17-25; Deuteronomio 17:14-20

## PAGTUKLAS

# QUESTION 3

Matapos mapili si Saul bilang hari, ano ang nangyari?

1 Samuel 10:17-25; Deuteronomio 17:14-20

## PAGTUKLAS

# QUESTION 1

Bago pa man pumili ng hari, Nilinaw ni Samuel na ang pagpili ng taong hari ay pagtanggi/pagtalikod sa Diyos. Sa kabila nito, ipinagwalang bahala ng mga Israelita ang babala ng Diyos at ipinagpilitan ang kanilang gusto. Bakit pinagbigyan ng Diyos ang kanilang kagustuhan?

**1 Samuel 10:17-25; Deuteronomio 17:14-20**

## PAG-UNAWA

# QUESTION 2

Ano ang kahulugan ng pagpili ng hari “ayon sa pinili ng Diyos”?

1 Samuel 10:17-25; Deuteronomio 17:14-20

PAG-UNAWA

## QUESTION 3

# Kung ang bayan ay nagkaroon ng pinunong hindi maka Diyos at pinangunahan ang bayan sa pagkasira, nangangahulugan ba ito na nagkamali ang Diyos?

1 Samuel 10:17-25; Deuteronomio 17:14-20

PAG-UNAWA

# QUESTION 4

Ano ang kahalagahan ng pagsama kay Saul ng mga "matatapang na lalaki na ang pusoy hinipo ng Diyos?"

1 Samuel 10:17-25; Deuteronomio 17:14-20

PAG-UNAWA

## QUESTION 1

Ang Diyos ay mayroong malinaw na panuntunan sa pagpili ng mga pinuno ng bansa. Paano mo ipapatupad ang Deuteronomio 17:14-20 sa pagpili ng ating mga pinuno?




1 Samuel 10:17-25; Deuteronomio 17:14-20

# PAGTUGON

# QUESTION 2

Sa ating bansa kung saan tayo ay pumipili ng mga pinuno na maaaring hindi mananampalataya, paano tayo kikilos bilang tagasunod ni Cristo Jesus sa panahon ng eleksyon? Ano ang maari nating maging papel matapos mapili at maitalaga ang mga ang mga pinuno?



1 Samuel 10:17-25; Deuteronomio 17:14-20

## PAGTUGON

# QUESTION 3

Ipanalangin ang bawat isa para sa katalinuhan, kaunawaan at gabay ng Diyos sa pagpili ng tamang kandidato ngayong darating na eleksyon sa Mayo. Ipanalangin ang malinis, tapat, maayos at mapayapang eleksyon.



1 Samuel 10:17-25; Deuteronomio 17:14-20

# PAGTUGON

# 1 Samuel 10:17-25; Deuteronomio 17:14-20

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Tutuparin ko ang aking tungkulin bilang mamamayan at mananampalataya sa pagpili sa mga mamumuno sa bayan gamit ang mga panuntunang ibinigay ng Diyos.





Small Group Sessions

# PANGWAKAS NA PANALANGIN



Discover • Understand • Apply

# BIBLE STUDY

## 1 Samuel 10:17-25; Deuteronomio 17:14-20

SMALL GROUP SESSIONS

SEE YOU NEXT WEEK!

Kamuning Bible Christian Fellowship


KBCF
kbcf.org.ph
KBCFofficial
KBCFamily
kbcf.office@gmail.com
0917-886-6650
8927-7420 | 8928-6584